# Transcript of MPOS Minister's Speech

| | |
|---|---|
| Title of the Activity: | **Community-Based Training on Mediation and Values Transformation (CBT-MVT)** |
| Date: | December 22, 2021 |
| Location: | Maguindanao |
| Audience Demographics: | LGU, Traditional and Religious Leaders, Representatives from women and security sectors |

Speaker: **Hon. Hussein P. Muñoz**

---

AUDHO BILLAHIMINASHAYTANIRRAJEEM.
BISMILLAHIRAHMANIRAHEEM.

Innal hamda lillah nahmaduhu wa nasta'eenuhu wa nastaghfiruhu wa na'oodhu billahi min shuroori anfusinaa wa min sayyi-aati a'maalinaa; man yahdillahu falaa mudilla lah, wa man yudlil falaa haadiya lah; wa ash-hadu allaa ilaaha illa Allahu wahdahu laa shareeka lah, wa ash-hadu anna Muhammadan 'abduhu wa rasooluh. Rabbi Shrahli Sadri, Wa Yassirli Amri, Wahlul Uqdatan Min Lisaani, Yafkahu Kawli. ASSALAMU ALAYKUM WARAHMATULLAHI WABARAKATUH!

My respect and courtesy to the good Mayor of Datu Saudi Ampatuan Hon. EDRES SINDATOK, The Asia Foundation Country Representative SAM CHITTICK, BLMI Execuive Director, SHIEKH AHMAD MAHMOD, The Asia Foundation Project Manager, ENG. MISUARI ABDULLAH, TAF Assistant Program Officer, ESMAEL MALAGENTI, guests and participants from Datu Saudi Ampatuan Maguindano, Ministry of Public Order and Safety staff headed by the Director-General Atty. Al-Rashid Balt, magandang hapon po sa inyong lahat. Una-una, nagpapasalamat tayo sa ALLAH sa pagkakataon na na ipinagkaloob niya na tayoy magkakasama sa pagtitipong ito. Gayudin ang aming pasasalamat sa The Asia Foundation sa patuloy na pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa MPOS upang maipatupad namin ang aming mandato. At sa Local Government po ng Datu Saudi Ampatuan, sa pangunga po ng inyong kagalang-galang na Alkalde at sa inyo po, taos puso po kaming nagpapasalamat. Ito po ay mahalagang hakbang sa hangarin nating pagkakaisa at kapayapaan para sa buong BARMM. Ang Ministry of Public Order and Safety po ay may mandato para sa katiwasayan at pagkakaisa ng mga Bangsamoro sa BARMM. Isa po sa mga programa neto ang pagresolba ng Rido sa Lahat ng kumunidad ng BARMM kaya't nararapat lamang na magkaroon tayo ng sapat na kaalaman patungkol sa pagresolba ng gulo para sa kapayapaan. Kami po ay naniniwala na ang kapayaapaan ay susi sa ating pag-unlad. Walang pong development kung magulo ang ating mga pook.

Hindi po lingid sa atin na ang terorismo, kumunismo, at extremism ay banta sa ating mapayapa at maunlad na pamumuhay. Hindi rin po lingid sa atin na ang RIDO ay isa rin sa mga nakakasira at ating pagbubukod-buklod at pagkakaisa. Kaya't ang Ministry of Public Order and Safety ay naglalayon na pa-igtingin ang pakikipag-ugnayan sa mga ahensya gaya ng TAF at Local Government Units at kani-kanilang komunidad upang matugonon ang problema sa RIDO. Kinakailang po natin na solusyonan ang balakid na ito upang tayo ay mamuhay na matiwasay at payapa at maginhawa insha allah. Hindi lang po ito isang tungkilin bilang public service as compliance para sa gobyerno, kundi bilang mga Muslim, may responsibilidad po tayo sa pagpapanatili ng ating mga relasyon bilang magkakapatid sa Islamic Ummah alinsunod sa batas ng Qur'an at sa Sunnah ng Propeta Muhammad Sallalahu Alayhi Wassalam. Ayun po sa Qura'an Chapter 49: Surah Al-Hujurat "Innal Mu'minona ikhwatun fa asslihu bayna akhawaykum wattaqullaaha laallakum turhamoon."

The Muslims are brothers to each other, therefore make peace between your two brothers and fear Allah, so that you may gain mercy."

Wala po tayong rason para hindi magkasundo dahil tayong mga muslim ay magkakapatid at nararapat lang mamuhay ng mapayapa, at nagbabati, nagtutulungan at nanalangin kay Allah. Ginawa po tayo ng Allah sa pamamaraan na tayo ay nanatiling magkaabuklod at may ugnayan sa bawat isa upang magsumikap na matugunan ang ating mga pangangailangan.

Ang inaasam po nating pagbabago at pag-unlad sa bagong tatag na BARMM leadership hindi magtutuloy-tuloy hanggat may gulo sa ating pamayanan. Bilang ministry na may mandatu sa pagpapanatili ng katiwasayan at kaligtasan ng mamamayan ng BARMM, we honor and take with highest consideration the role of the people of BARMM to achieving our desired and long-deserved gains of peace process.

Sa pangunguna po ng inyong Mayor at ng TAF, at nang MPOS, muli po ay binabati ko po kayo sa pagdaos ng ganitong programa. Hangad po namin na mailayo ang inyong pamayamanan sa mga elemento na makakasira at makakawasak ng inyong kapayapaan at kaunlran. Isa pong masagana at mapayapang hapon sa lahat. Aqoolo Qawli Hadaa, Wa Astagfirullah. Wa billahi Tawfik Wal hidaya. Assalamu Alaykum Warahmatullahi Wabarakatuh.